# GLADIOLAS

## *Isang Dulang may mga Kapsyon*

Dulang may Isang Yugto

(Filipino)

*Palanca Awards 2014*

“GLADIOLAS”

*Buod ng Dula*

Bahagi ng ligawan ang pagdala ni Dennis kay Raymond sa kanilang bahay para maipakilala sa amang si Federico. Kolumnista sa dyaryo si Dennis na nagsusulat din ng mga binalaybay—*poet, artist, creative spirit*; in short, bading. Empleyado naman sa bangko si Raymond na isang *bisexual*; sa *gay lingo, double-blade*. Si Federico ay ang amang *homophobic* na, salamat nama’y paralisado na.

Aso’t pusa ang mag-ama bago inatake sa puso ang matanda, at ngayon, si Dennis ang tagapag-alaga n’ya. Si Dennis na minsang isinumpa siyang mamatay na sa sakit! Konsensiya? Katungkulan? Limos na awa? Pagbabayad ng kasalanan?

Ngunit ang mas malaking kumplikasyon sa *same-sex* na tambalan ay si Jessica, ang buntis na asawa ni Raymond.

Gladiolas ang dalang bulaklak ni Raymond sa kanyang pagdalaw, na kilala rin bilang *sword lily, bisexual* na bulaklak na baog din naman pala dahil hindi naggi-*germinate* ang mga buto nito. Paano na ang romansa kung sinungaling at naglalaro lang si Raymond? Kung itatarak pala n’ya sa puso ni Dennis ang pasalubong na *sword lily*?

Maliban sa makatotohanang aksyon ng mga tagpo, gumagamit din ang dula ng mga kapsyon na ipalalabas sa telon. Ang mga kapsyon (na nagsisilbing komentaryo, alternatibong dialogo, *text messages,* dagdag na impormasyon at paliwanag sa mga linya at aksyong nagaganap sa eksena) ay maituturing din na karagdagang karakter ng dula.

**“GLADIOLAS”**

Dulang may Isang Yugto

Mga Tauhan:

**Dennis Pajada**, 30

**Federico Pajada**, 54

**Raymond Chua**, 45

**Binatilyong Dennis**, 25

Lugar: Bahay ng mga Pajada sa Iloilo

Panahon: Kasalukuyan

“GLADIOLAS”

<u>TAGPO:</u> Ang middle class na bahay ng mga Pajada sa isang baybaying bayan sa labas ng Lungsod ng Iloilo, sa isla ng Panay.

Ang KALIWANG BAHAGI NG ENTABLADO ay may dalawang palapag. Sa itaas ay ang silid-tulugan ni Dennis; sa ibaba, ang terasa na nakaharap sa di-nakikitang kalye sa lalong kaliwa.

Ang GITNANG BAHAGI NG ENTABLADO ay ang magkarugtong na kusina at silid-kainan: kusina sa likuran, silid-kainan sa harapan.

Ang KANANG BAHAGI NG ENTABLADO ay may dalawang palapag din. Sa ibaba, ang silid-tulugan ni Federico; sa itaas, ang telon kong saan ipalalabas ang mga KAPSYON.

<u>PAGTAAS NG TABING:</u> Kadiliman.

*Sa dilim, maririnig ang “Bimba dagli occhi” (“Sweetheart, with eyes…”) o “Un bel di” (“One beautiful day”) mula sa* **Madama Butterfly**.

KAPSYON

**Spaghetti a la butterfly**

*Iilaw kay Dennis na nagluluto ng spaghetti sa kusina.*

DENNIS

Pasta at opera, spaghetti at Puccini. Kung gusto mo ng masarap na spaghetti, haluan mo ng buong pagmamahal ang pagluto. Hiwain mo ang mga kamatis at sibuyas sa saliw ng *Madama Butterfly*.

KAPSYON

**Mangingibig**

*Iilaw kay Raymond na naninigarilyo sa terasa.*

RAYMOND

Pag-ibig sa unang basa. Iyon ang nangyari. Dinampot ko ang libreng *Dyaryo Ilonggo* sa airport, napansin ko ang kolum n'ya tungkol sa sex. Naintriga ako. Inimeyl ko siya.

KAPSYON

**Ama**

*Iilaw kay Federico na nakaupo sa wheelchair sa kanyang silid.*

FEDERICO

Mabait na bata si Dennis. Hindi kami magkasundo sa maraming bagay pero mabuti siyang anak. Mabuting tao. 'Yon lang, madrama. Mana sa ina. Pero mabait kung sa mabait.

*Mawawala ang musika.*

KAPSYON

**Anak**

*Iilaw kay Dennis na naglalagay ng mga pinggan sa ibabaw ng mesa. Kapansin-pansin ang isang plurera ng gladioli sa gitna ng mesa.*

DENNIS

Nag-aral lang naman talaga ako ng Nursing dahil sa udyok ni Mamang at ng mga kapatid ko. Matalino naman daw ako at sayang ang pagkakataon. Nangangailangan ng maraming nars sa Amerika. 'Yon ang pinakamadaling paraan para makapunta sa lupain ng mga pangarap. Kaya nag-Nursing ako bilang second course.

KAPSYON

**Paghanga**

*Iilaw kay Raymond sa terasa.*

RAYMOND

Magaling siyang sumulat. Nakakaaliw. Ginagaya si Carrie Bradshaw sa *Sex and the City*. Nagpapayo rin s'ya sa mga problema ng mga mambabasa. S'yempre, nagulat ako na nars din pala siya. Paano ko siya hindi hahangaan? Nakababagot ang buhay ko, puro numero. Utang, interes, prinsipal, buwanang babayaran. Loan officer ako sa isang bangko.

KAPSYON

**Pag-ibig**

KAPSYON

**?**

*Iilaw kay Dennis na naglalagay ng mga kubyertos at wine glass sa mesa.*

DENNIS

Ewan ko nga ba kung ano ang nagustuhan ko sa kanya. Hindi naman siya kasing gwapo ni Tom Cruise o ni Brad Pitt. At lubhang mas matanda sa akin, ha? Labinlimang taon ang agwat namin. Labinlimang taon. Aba, isang binatilyong anak iyon, a.

*Iilaw sa silid-tulugan ni Federico.*

*Papasok si Dennis.*

DENNIS

Papang, kakain na po. May bisita po tayo, ha?

*(itutulak palabas sa silid-kainan si Federico na nakawheelchair)*

Si Raymond po. Kaibigan ko. Dito po siya matutulog ngayong gabi at bukas.

*(ipupwesto si Federico sa mesa)*

Sandali lang po at tatawagin ko.

*Magdidilim.*

KAPSYON

**Pag-ibig**

KAPSYON

**!**

*Iilaw kay Raymond sa terasa. Tutunog ang kanyang cellphone, may pumasok na text message.*

KAPSYON

**Jessica**

KAPSYON

**Buntis ako!**

*Magtitext ng sagot si Raymond, magdadalawang isip kong ipapadala ang mensahe.*

KAPSYON

**Pag-isipan mo muna.**

*Iiling si Raymond. Buburahin niya ang text.*

*Papasok si Dennis. Yayakapin niya si Raymond mula sa likod.*

DENNIS

Sino ang katext mo?

RAYMOND

Ha? A, e.. si Manny.

KAPSYON

**Kasinungalingan**

RAYMOND

May tinatanong lang tungkol sa opisina.

DENNIS

Kakain na.

RAYMOND

Sigurado ka bang okey lang na makitulog ako rito?

DENNIS

Oo naman. Hindi naman ito ang unang pagkakataong na may matutulog dito sa bahay.

RAYMOND

Marami kami, ganoon?

DENNIS

Ganoon!

KAPSYON

**Ah!**

DENNIS

Nagseselos ka? Hello? Maraming kaibigan ko ang nag-oovernight dito. Pero s'yempre, naiiba ka sa kanila. Natatangi.

RAYMOND

Hindi kaya magduda ang tatay mo?

DENNIS

Paralisado si Papang. Nasa unang palapag ang kwarto n'ya. May tatlong kwarto sa ikalawang palapag, anong problema roon?

RAYMOND

Alam na ba ng tatay mo ang tungkol sa atin?

KAPSYON

**Nababaliw ka na ba?**

DENNIS

Hindi pinag-uusapan ang pagiging bakla ko sa bahay na ito. May military policy kami rito. Wika nga, don't ask, don't tell.

RAYMOND

Pero hindi ba, hindi na nakakapagsalita ang tatay mo?

KAPSYON

**Duh!**

*Iilaw kay Federico sa hapag-kainan.*

TATAY

Paralisado lang ako. Hindi makapagsalita. Pero hindi ako tanga. Hindi bulag, hindi bingi. S'yempre, alam kong bakla si Dennis. Madama Butterfly, spaghetti Bolognese, red wine. Kung maton ang anak ko, malamang Parokya ni Edgar ang pinakikinggan, Maggi pancit canton ang ihahain, San Miguel Beer ang inumin.

*Iilaw kina Raymond at Dennis sa terasa.*

DENNIS

Mahal kita, Raymond. Subalit hangga't hindi ako nakatitiyak na tayo na talaga, ayokong saktan ang aking pamilya.

RAYMOND

Bakit naman sila masasaktan?

DENNIS

Nasa Iloilo tayo. Hindi madali ang maging bakla sa lalawigang ito. Hindi iyon ipinagmamalaki ng mga magulang at kapatid.

RAYMOND

Kahit naman siguro saan sa Pilipinas.

*(patlang)*

Bakit nga ba ganoon?

DENNIS

Makitid ang utak ng mga tao. Akala nila sakit ang pagiging bakla. Sakit na maaring gamutin. At ano ba ang nalalaman nila sa HIV at AIDS? Sabi ni Mamang noon, “Anak, ‘wag kang maging bakla, ha? Ayokong mamatay ka sa AIDS.” Akala nila, kapag bakla, may AIDS na.

RAYMOND

*(iiling)*

Kailangan pa talaga ng malawakang edukasyon tungkol sa HIV at AIDS.

KAPSYON

**At tungkol sa pagkabakla!**

DENNIS

Sa katayuan natin ngayon, walang dahilan para bigyan ko ng sama ng loob ang aking ama, o ang aking ina at mga kapatid sa States. Pero malay mo, baka bukas, o sa makalawa? Marami ang pwedeng mangyari. Basta, nakikitaan kita ng potensiyal.

RAYMOND

Nauunawaan ko.

DENNIS

Mabuti.

RAYMOND

Dennis, may ipagtatapat sana ako sa iyo.

DENNIS

Pwedeng mamaya na? Atin ang buong gabi. Ang buong weekend mo. Nakahain na ang pagkain. Ayoko lang lumamig. Naghihintay na si Papang.

RAYMOND

Sure.

KAPSYON

**Sasabihin ko lang naman sana…**

KAPSYON

**Buntis si Jessica**

*Iilaw sa kainan. Papasok si Dennis, kasunod si Raymond.*

DENNIS

Pang, si Raymond po. Raymond, ang papa ko—Federico Pajada. Dati siyang titser sa bayan bago naistroke.

KAPSYON

**Raymond?**

KAPSYON

**Pang-ilang Raymond na ba ito?**

RAYMOND

*(kukunin ang paralisadong kamay ni Federico at magmamano)*

Magandang gabi po.

KAPSYON

**Halos kasing tanda ko na ito, a.**

DENNIS

*(ituturo si Raymond sa upuan)*

Loan officer po si Raymond sa bagong China Bank. Tinutulungan po niya akong makautang sa bangko.

KAPSYON

**Loan?**

RAYMOND

*(uupo)*

Wala pong publishing loan para sa mga manunulat, pero malaki ang tiwala ko sa anak ninyo.

DENNIS

Pang, pansinin mo naman ang mga bulaklak na dala ni Raymond.

KAPSYON

**Gladiolas**

RAYMOND

Ano ba talaga ang plural ng gladiolus? Sabi ng tindera, gladiolas.

DENNIS

Singular form, gladiolus. Plural forms: gladioli, gladioluses, at kung minsan, katulad dito sa Pilipinas, gladiolas.

RAYMOND

Common name?

DENNIS

Sword lily.

*(patlang)*

Alam n'yo bang bisexual flowers ang gladiolas?

KAPSYON

**Bisexual**

KAPSYON

**Flowers?**

KAPSYON

**Silahis!**

DENNIS

At oo, nagkakabinhi rin sila, nagkakabuto. Pero hindi na naggigerminate ang mga buto ng gladiolas.

KAPSYON

**Baog?**

RAYMOND

Bakit ang dami mong alam tungkol sa mga bulaklak?

DENNIS

Bulaklak, kalikasan, mga bagay-bagay sa paligid. Gusto ko lang na mapag-aralan sila. Sila kasi ang pinagkukunan ko ng mga ideya sa pagsusulat. Ano ba ang pagiging makata o ang pagiging manunulat kung hindi ang paghahanap ng mga bagong paraan para mailahad ang kaugnayan ng tao at ng mundo?

KAPSYON

**Kwento-kwento**

DENNIS

*(magsisilbi ng spaghetti)*

Pang, wala pong maglakas-loob na maglatha ng mga tula ko, pero alam ko po ang pulso ng masa. Nararamdaman ko pong ito na ang taon ng aking *Cien*.

KAPSYON

**Cien Sonetos Eroticos**

RAYMOND

Kung bakit kasi hindi mo isinulat sa Ingles. O kahit na sa Tagalog. Mas malaki sana ang market mo kung sa Ingles o Tagalog mo isinulat.

DENNIS

Nag-A.B. English lang ako, pero hindi ko lengguwahe ang Ingles. Hindi rin ako lumaki na nagsasalita ng Tagalog. Ilonggo ko, Hiligyanon ang wika ko. Sa unang wika ko—sa kinagisnang wika—ako higit na magaling.

RAYMOND

Magaling ka sa anumang wika. Nakakaaliw ka sa Ingles, at naiintindahan naman ang Tagalog mo.

DENNIS

Sabi ng mga editor at critics ko, I have such a "rich gift for phrasing English." Ang ibig nilang sabihin, hindi normal ang Ingles ko. Interesante dahil hindi pangkaraniwan. Paano, hindi nga ito ang tunay kong dila. Tungkol naman sa Tagalog, hindi talaga ako

marunong managalog. Tinuruan kami sa UP ng Filipino bilang pambansang wika, ayon sa 1987 Constitution.

KAPSYON

**Laban ka pa?**

RAYMOND

You mean, 1986 Constitution. Cory administration, pagkatapos ng EDSA, di ba?

KAPSYON

**Language debate**

DENNIS

I really mean, 1987 Philippine Constitution. Isinulat noong 1986, pero noong February 2, 1987 lamang pinagtibay. Kaya 1987 Constitution.  Ayon sa Saligang Batas ng 1987, Filipino ang wikang pambansa ng Republika ng Pilipinas, at ito ay ang pinaghalong mga wika na maaring palaguin at pagyamanin ng mga wika sa lahat na bahagi ng bansa, at maging ng mga wikang banyaga. Sa UP, tinuruan kaming magdagdag sa aming mga komposisyon ng mga salitang walang katumbas sa Tagalog. Kaya pumasok sa kamalayan ng buong bansa ang mga salitang Hiligaynon katulad ng binalaybay, kasingkasing, mayad, kalibutan, kahidlaw, kalangkag, kakunyag, kamingaw. Kaya ang mga tula ko, binubudburan ko ng mga salitang Hiligaynon. Kung minsan pa nga, sasabihin mo, walang direksyon ang pagsusulat ko kasi walang temang nag-iisa sa mga paksang isinusulat ko. Pero ang sa akin kasi, mas gusto kong sumulat tungkol sa mga salitang gusto kong mabigyan ng pansin. Ang pagkabanhaw, halimbawa. What is the Filipino equivalent of the word “resurrection?” Sa Tagalog, walang isang salita para sa

muling pagkabuhay. Pero sa Hiligaynon, meron—ang salitang "pagkabanhaw." Kaya ako sumulat ng tula tungkol sa pagkabanhaw.

RAYMOND

Pero, ang tunay na nangyayari pa rin, Tagalog lang talaga ang tinatawag nilang Filipino ngayon.

DENNIS

'Yan ay kung hahayaan na lang natin. Por Dios, por santo, 1973 pa lang, sa Konstitusyon ni Marcos, demoted na ang Tagalog bilang wikang pambansa. Ayon sa 1973 Constitution, Tagalog ang basehan—take note, basehan—*hindi* ang pambansang wika. Basehan para sa pagpalago at pagpalawak ng isang matatawag na wikang pambansa para sa buong kapuluan.

KAPSYON

**Basehan**

RAYMOND

E, di sana, sa Filipino mo isinulat ang iyong *Cien Sonetos Eroticos*.

DENNIS

Naisip ko rin 'yon. Pero ang talagang layon ko, iligtas ang kinagisnang wika mula sa pagkapapas.

RAYMOND

Pagkapapas?

DENNIS

Salitang Hiligaynon for "extinction," ibig-sabihin, pagkalipol, pagkapuksa. Ibig kong mabawi ang mga salitang "utog," "igut-igutan," "paghilawas" ng Hiligaynon.

RAYMOND

At "putay."

KAPSYON

**Vagina**

DENNIS

At "butò."

KAPSYON

**Penis**

*Magbabago ang ilaw. Si Federico lang ang gagalaw. Tatayo siya at magbubuhos ng alak sa mga kopita.*

FEDERICO

Para sa isang bakla, malaki ang bayag ni Dennis. Matapang siya, mapangahas. Walang takot sa paggamit ng mga salita. Noong nakaraang taon, sumulat siya ng isang daang tulang erotiko. Nahimok yata ng *Cien Sonetos de Amor* ni Pablo Neruda. Pero para maiba kay Neruda, imbes na mga tula ng pag-ibig, erotika at kalibugan ang pinagtuunan niya ng pansin. Wala raw kasing Ilonggong nangahas magsulat ng sandaang kahalayan sa Hiligaynon bago siya. At dito pa sa Iloilo?

KAPSYON

**Agent provocateur**

FEDERICO

Hindi ako konsintidor na ama. Kung hindi lang ako paralisado at nakawheelchair, baka nabalian ko na ng buto iyang si Dennis. Pero sa isang banda, mabuti na ring hindi ako makagalaw. Trenta na si Dennis. Kailangan na niyang makalaya. Gusto niyang lumipad pataas, alagad siya ng sining, magaan ang espiritu. May reputasyon si Dennis bilang *agent provocateur* sa dakong ito ng bansa. Rebolusyonaryo raw ang kanyang mga panulat. Walang takot, walang sinasanto. Hindi ko nababasa ang mga sinusulat niya sa dyaryo, pero napakikinggan ko s'ya paminsan-minsan sa radyo, nakikita sa telebisyon. Para siyang artista.

KAPSYON

**Local celebrity**

FEDERICO

Basta sex ang pinag-uusapan, siya ang paboritong kapanayam ng mga taga-radyo. Siguro alam din ng mga kaibigan n'ya sa media na bakla si Dennis, pero walang kumukumpronta sa kanya. Nababaliktad n'ya kasi ang mga tanong. Kapag nasusukol, nagiging mas malikhain si Dennis. Artful dodger, ang tawag sa kanya. Kahit sa mga usapang kabaklaan, walang kompirmasyon tungkol sa kanyang sekswalidad. Basta lang, nakakaaliw ang mga sagot n'ya. Tumataas ang ratings ng mga radyo at TV shows kapag siya ang panauhing kapanayam. Kaya patuloy ang paghula at mga haka-haka tungkol sa kanyang kasarian. Mahirap siyang mahuli. Mailap. Hindi kasi s'ya nagpipilit na lalaki s'ya. Hindi naman umaamin na bakla. May mga babaeng paminsan-minsan ay

ikinakabit sa pangalan n'ya. May mga babae ring nakikitulog dito sa bahay. Hindi ko na alam kung ano ang nangyayari sa mga kwarto sa itaas.

*Babalik si Federico sa wheelchair. Babalik sa dati ang ilaw.*

RAYMOND

*(kay Federico)*

Magaling na writer po si Dennis. Siya ang paborito kong kolumnista. Alam n'yo po bang nagpa-reassign ako rito sa Iloilo para lang masubaybayan ang mga sinusulat n'ya sa dyaryo? Taga-Cebu po talaga ako. Nabasa n'yo na po ba ang kanyang *Cien*?

*Magbabago ang ilaw. Si Federico lang ang gagalaw.*

FEDERICO

Minsan, binasa sa akin ni Dennis ang isa sa mga tula n'ya. Ayokong marinig. Pero ano ang magagawa ko? Hindi ako makaalis, hindi ako makakilos. Ni hindi ko matakpan ang aking mga tainga.

KAPSYON

**Soneto Erotico # 33**

KAPSYON

*(opsiyunal, maaring isabay sa pagtula ni Federico)*

**Masami ko ikaw madumduman sa ginapaanukan nga tinig-ang**
**Tungod kon magbuka ang imo mga hita, nagapaang ang palibot,**
**Nagahulas ang akon mga palad kasubong taklob**
**Sang mahuluy-on nga kaldero sang tinig-ang nga ginbuksan.**

**Makaulumol ang maputi nga kan-on, ilabi na kon matibsol**

**Ang tagsa ka uyas sang mainit-init pa nga tinig-ang; kanami gid**

**Sa ila pudyuton sang mga punta lang sang tudlo, huypon, bag-o**

**Ihungit sa baba, usangon nga may katahap sa ila kainit.**

**Indi ko malimtan ang matibsol mo nga mga tudlo, butkon,**

**Paa, titi; maputi sila kasubong primera klase nga bugas.**

**Luyag ko ikaw kilisan liwat sang akon pagpalangga, painiton**

**Sa kalan sang paghigugma. Pagkatapos paanuk-anukan,**

**Luyag ko ikaw luk-adon tubtub nga ang punta sang akon luwag**

**Maghalok sa buli sang mahuluy-on mo nga kaldero.**

FEDERICO

*(itutula)*

*MADALAS KITANG MAALALA SA PINAKUKULUANG SINAING*

*DAHIL SA PAGBUKA NG IYONG MGA HITA, UMAALINSANGAN ANG PALIGID*

*NAGPAPAWIS ANG AKING MGA PALAD*

*KATULAD NG TAKIP NG MAHIYAING PALAYOK*

*NAKAPANGGIGIGIL ANG MAPUTING KANIN*

*LALO'T MATAMBOK ANG BAWAT BUTIL*

*NAPAKASARAP TIPUNIN NG MGA DULO NG DALIRI*

*HIPAN, BAGO ISUBO, AT KAGAT-KAGATIN ANG INIT*

*HINDI KO MALIMUTAN ANG MATAMBOK MONG MGA DALIRI*

*BISIG, PAA, SUSO — MAPUPUTI TULAD NG PRIMERA-KLASENG BIGAS*

*NAIS KONG HUGASAN KANG MULI SA AKING PAGMAMAHAL*

*INITIN SA KALAN NG PAG-IROG, AT PAGKATAPOS, NAIS KONG DUKUTIN KA*

*HANGGANG MAHANGKAN NG MAHABA KONG SANDOK*

*ANG MAHIYAING PUWIT NG IYONG PALAYOK.*

KAPSYON

## Erotikong kanin

FEDERICO

Paano ko makuhang magalit sa aking anak? Isa siyang makata. Napakaganda ng kanyang tula. Nagawa niyang erotiko ang ordinaryong kanin. Walang kabaklaan, tanging sining lamang. Mamamatay akong walang iiwan sa mundo maliban sa kanya. Sa mga anak ko, siya lang ang hindi nagbago ng apelyido. Siya lang ang magpapatuloy ng aking pangalan. Pero sa kanyang pagpanaw, meron siyang imortal na maiiwan. Isang libro. Isang daang tula. Isang bagong pagtanaw sa pagsaing at pagkain ng kanin. Erotiko, oo. Pero masining. At mahusay. Magaling ang aking anak!

*Babalik si Federico sa wheelchair. Babalik sa dati ang ilaw.*

DENNIS

*(itataas ang kopita)*

Shall we have a toast?

RAYMOND

*(magto-toast)*

Para sa *Cien Sonetos Eroticos*.

DENNIS

At sa makabuluhang buhay.

*Kapwa sila lalagok ng alak.*

RAYMOND

Mukhang masarap itong spaghetti mo.

KAPSYON

**Dapat lang!**

DENNIS

Tikman mo nga. Napaalat yata.

*Susubo si Raymond.*

RAYMOND

It's perfect!

DENNIS

Sigurado ka? Hindi ba maalat?

KAPSYON

**Perfect na nga ang sabi!**

RAYMOND

Nahuli mo ang panlasa ko.

KAPSYON

**Ako kaya ang subuan mo?**

RAYMOND

Ano ang kakainin ng tatay mo?

DENNIS

Spaghetti rin, pero pureed na.

RAYMOND

Pureed spaghetti?

DENNIS

Lahat ng kinakain ni Papang, nakablender. Mahirap nang mabilaukan siya.

*(lalapit kay Federico para mapakain ito)*

Patuloy ka lang sa pagkain, pakakainin ko rin si Papang.

*(susubuan si Federico)*

Mas gusto kong sumasabay sa pagkain si Papang kapag may bisita ako. Para naman may makita siyang ibang tao, at para naman magmukhang normal ang lahat kahit siya'y may kapansanan.

RAYMOND

Pureed spaghetti. Wala nang hihigit na mukhang normal d'yan.

DENNIS

*(patuloy na magsusubo kay Federico)*

Kung ano ang kinakain ko, iyon din ang kinakain ni Papang. Pureed dinuguan, pureed adobo, pureed kare-kare. Hindi naman siya nagrereklamo.

*Magbabago ang ilaw.*

*Si Raymond lang ang gagalaw.*

KAPSYON

**Martir**

RAYMOND

Lalo akong humanga kay Dennis nang malaman kong nagtapos din siya ng Nursing. Pasado na rin s'ya sa NCLEX, CGFNS, IELTS, at kung anu-ano pang mga test para makapag-abroad. Nakahanda na ang mga papeles niya papuntang Amerika, pero nang mastroke ang tatay n'ya at naparalisa, hindi na siya tumuloy. Wala raw kasing mag-aalaga sa tatay n'ya. May katulong sila sa umaga, pero umuuwi kung gabi. Si Dennis ang nag-aalaga sa tatay niya kung gabi. Paminsan-minsan, may nakukuha siyang magbabantay sa tatay n'ya kaya nakakalabas-labas din kami sa gabi. Kung minsan, natutulog din s'ya sa apartment ko sa siyudad. Pero madalang na madalang iyon.

*Babalik si Raymond sa pagkain. Babalik sa dati ang ilaw.*

DENNIS

Masarap ba ang spaghetti ko, Pang?

KAPSYON

**Maalat**

DENNIS

Gusto mo ng alak?

KAPSYON

**Hindi**

RAYMOND

Pinaiinom mo ng alak ang tatay mo?

DENNIS

O, bakit? Ano’ng masama? Sabi ko naman sa iyo, kung ano ang kinakain ko, iyon din ang kinakain ni Papang. Kung ano ang iniinom ko…

RAYMOND

…’yon din ang iniinom n’ya. Hindi ba makasasama sa kanya?

KAPSYON

**Resveratrol**

DENNIS

Basta hindi inaabuso, mabuti ang red wine para sa puso. Kailangan din ng katawan ang kaunting alcohol. Maliban sa alcohol, may mga antioxidants pa ang red wine. Maraming pag-aaral ang lumalabas tungkol sa mabuting naidudulot ng resveratrol mula sa red wine. Nakabababa ng kolesterol.

*Paiinumin ni Dennis ng alak si Federico.*

*Magbabago ang ilaw.*

*Si Raymond lang ang gagalaw.*

KAPSYON

**Tagapag-alaga**

RAYMOND

Mahal ko si Dennis. Kung magkakatuluyan kami, palagay ko, magiging masaya ako. Mas matanda ako sa kanya ng labinlimang taon. Kung mauna akong manghina, meron akong sariling nars, sariling tagapag-alaga. Nakita ko kung paano n’ya pinagsisilbihan ang tatay n’ya. Anong higit na debosyon pa ang hahanapin ko?

*Babalik sa pagkain si Raymond.*

*Babalik sa dati ang ilaw.*

DENNIS

O, ipapasok ko na muna si Papang sa kwarto n'ya. Mukhang pagod na kasi.

RAYMOND

Mukhang inaantok na nga. Tatlong oras ba naman tayong naghapunan.

DENNIS

Naku, hindi pa matutulog ito. Manonood pa si Papang ng TV sa kwarto n'ya. Hihintayin pa niya ang balitang alas-onse.

KAPSYON

**Good night**

RAYMOND

*(kakamayan ang paralisadong kamay ni Federico)*

Good night po. Nice to meet you.

KAPSYON

**Igudnayt mo ang sarili mo!**

*Iwiwheelchair ni Dennis si Federico pabalik sa silid nito.*

KAPSYON

**Parang dalaginding**

*Iilaw sa silid. Papasok si Dennis, tulak-tulak ang nakawheelchair na si Federico.*

DENNIS

Pang, ano ang palagay mo kay Raymond?

KAPSYON

**Matanda na**

DENNIS

Mukha ba siyang mabait?

KAPSYON

**Ewan**

KAPSYON

**Matanda na**

DENNIS

Mapagkakatiwalaan ba?

KAPSYON

**Marahil**

KAPSYON

**Kasi**

KAPSYON

**Matanda na**

DENNIS

Papang, may gusto akong ipagtapat sa iyo…

KAPSYON

**Alam ko na**

KAPSYON

**Bakla ka!**

DENNIS

Pero, hindi muna ngayon. Sisiguraduhin ko muna.

KAPSYON

**Siseryosuhin mo si Tanda?**

DENNIS

Baka bukas. Malalaman mo bukas.

*Magdidilim sa silid.*

*Iilaw kay Raymond na nagliligpit ng pinagkainan.*

*Papasok si Dennis.*

DENNIS

O, ano 'yang ginagawa mo? Bakit ka nagliligpit d'yan? Pabayaan mo lang ang mga 'yan. Ako na ang gagawa n'yan. Doon ka na muna sa terasa.

RAYMOND

Ano ka ba? Para kang timang. Gusto lang naman kitang tulungan.

DENNIS

May darating na katulong bukas.

RAYMOND

Walang anuman ito. Kayang-kaya kong gawin.

DENNIS

Talaga lang, ha?

RAYMOND

Ganoon kita kamahal.

DENNIS

Hoy, ano ba? Baka marinig ka ni Papang.

RAYMOND

E, ano? Totoo naman, a.

*(yayakapin si Dennis)*

Mahal kita, Dennis.

DENNIS

*(pabulong)*

Ano ba? Nasa kabilang silid lang si Papang.

*Magdidilim.*

KAPSYON

**Yakap**

DENNIS

*(pabulong)*

'Wag.

KAPSYON

**&**

KAPSYON

**Halik**

DENNIS

*(pabulong)*

'Wag dito.

*Maririnig ang musikang "Silhouette" ni Kenny G.*

KAPSYON

**Silhouette**

KAPSYON

**ni Kenny G**

KAPSYON

**Silid-tulugan ni Dennis**

*Iilaw ang bughaw na backlight para malalantad ang mga silhouette nina Dennis at Raymond sa silid-tulugan ni Dennis.*

KAPSYON

**Raymond**

*Parang sayaw, dahan-dahang huhubaran ni Dennis si Raymond.*

KAPSYON

**Dennis**

*Huhubaran din ni Raymond si Dennis.*

*Isasayaw nila ang kanilang pagniniig, habang patuloy ang pag-ulan ng mga kapsyon.*

KAPSYON

**Tamis**

KAPSYON

**Ng bawal**

KAPSYON

**Tamis**

KAPSYON

**Ng nakaw**

KAPSYON

**Oh!**

KAPSYON

**Ohhh!**

KAPSYON

**Ohhhhhhh!**

KAPSYON

**Silid ni Papang**

*Iilaw kay Federico na nasa wheelchair.*

FEDERICO

Dennis! Dennis! Hoy, ano ang ginagawa ninyo r'yan? 'Wag ninyo akong kalimutan.

Dennis! Hindi pa ako nailipat sa kama!

*Magdidilim.*

*Iilaw sa silid ni Dennis. Nakahiga sila ni Raymond sa kama. Magriring ang cellphone ni Raymond sa ibabaw ng mesita.*

DENNIS

Cellphone mo.

RAYMOND

Pabayaan mo. Bakasyon na ako.

DENNIS

Ba't ayaw mong sagutin? Kanina pa 'yan, kahit habang naghahapunan tayo.

RAYMOND

Ikaw ang mas mahalaga para sa akin.

DENNIS

Mahal mo ba talaga ako, Raymond?

RAYMOND

Bakit mo naitanong? Hindi mo ba dama ang lawak, haba at lalim ng pagmamahal ko?

DENNIS

Hindi na kasi ako bumabata. Gusto ko nang lumagay sa tahimik.

RAYMOND

Gusto mo ng kasal?

DENNIS

Hindi ako naniniwala sa gay marriage. Pero ayoko nang nag-iisa sa buhay.

RAYMOND

Hindi ka nag-iisa. Naririyan ang tatay mo.

DENNIS

Ikaw ang gusto ko. Gusto kong magsama na tayo.

RAYMOND

Maghintay pa tayo ng kaunti.

DENNIS

Mahal mo pa rin si Jessica?

RAYMOND

Ikaw ang mas mahal ko.

DENNIS

Nagsasama pa rin kayo?

RAYMOND

Pitong taon kaming kasal.

DENNIS

Pinagtaksilan ka n'ya.

RAYMOND

Ang ginagawa ba nati'y hindi pagtataksil sa kanya?

*Katahimikan.*

KAPSYON

**Mahal mo pa rin siya**

*Katahimikan.*

RAYMOND

Bakit wala kang imik? Nagseselos ka kay Jessica? Nagtatampo ka?

*(kakabigin si Dennis, akmang hahalikan)*

Halika nga rito.

DENNIS

*(iiwas)*

Ayoko. Bitiwan mo ako.

RAYMOND

*(puno ng mapaglarong libog)*

Ayaw pala, ha?

*Yayakapin ni Raymond si Dennis. Hahalik-halikan. Habang nagpupumiglas si Dennis, magiging mas pursigido naman si Raymond.*

*Magpapagulung-gulong sila sa ibabaw ng kama, tapos magkaharap na luluhod, ipoporma ang mga katawan katulad ng bilang 52.*

KAPSYON

**52**

KAPSYON

**parang mag-irog**

KAPSYON

**na nakaluhod**

KAPSYON

**habang naghahalikan**

KAPSYON

**Soneto Erotiko # 52**

KAPSYON

*(opsiyunal, maaring isabay sa pagtutula nina Dennis at Raymond)*

**Gintikwang mo ako pahigda kag ikaw yara sa ibabaw**
**Kasubong mabangis nga leon nga luyag mag-angkon sang iya gusto;**
**Ang kasingkal sang adlaw sa imo panit nagasaruso sa akon**
**Kasubong kalayo sang Yawa nga indi ko mahangpan.**

**Ang imo kabaris nagatuga sang kakunyag sa akon tagipusoon;**
**Ginahulat-hulat ko nga usngabon mo ako, pang-iton ang akon unod,**
**Nga kuntani ang imo bangkil mag-ukob sa akon liug**
**Kag ang imo mga kuko kag kamumuo magkarus sa akon**

**Tubtub magkalagisi ang akon panit kag unod sa imo kauhaw.**
**Kon tabunan mo ang akon lawas sang imo kalayo,**
**Nagakahubog ako sa imo dugo, lawas, kag kasingkal.**

**Dayon, kon ang bag-o nga bulan magtaklad sa maitum nga langit,**
**Ginahaklo ko ang imo ginhawa, ginahutik ko sa imo**
**Ang akon pangamuyo: "Maluoy ka, maluoy ka… lamuna ako nga bilog!"**

DENNIS

*(itutula)*

*Itinulak mo akong pahiga at nakadagan ka sa akin*

*Katulad ng mabangis na leon na nais umangkin ng gusto*

*Ang amoy-init ng matinding araw sa iyong balat, nagpahina sa akin*

*Parang apoy ka ng Diyablo na hindi ko mawari*

RAYMOND

*(itutula)*

*Ang aking bagsik ay nagdulot ng sigla sa iyong puso*

*Hinintay-hintay mong sakmalin kita, kagatin ko ang iyong laman*

*Umasa kang sana ang aking mga pangil ay bumaon sa iyong leeg*

*Ang aking mga kuko ay malalim na kumalmot sa iyong likuran*

DENNIS

*(patula)*

*Hanggang ang kutis ko ay mapunit sa iyong pagkauhaw*

*Kung tinatakpan mo ang aking katawan ng iyong nagliliyab na apoy*

*Nalalasing ako sa iyong dugo, laman, halimuyak ng tag-init*

RAYMOND

*(patula)*

*At bago umakyat ang buwan sa maitim na kalangitan*

*Sinasamyo mo ang aking hininga, ibinubulong sa akin ang iyong dasal*

*"Maawa ka, parang awa mo na… lamunin mo ako nang buo!"*

*Magdidilim.*

*Iilaw kay Federico na nasa wheelchair sa kanyang silid.*

FEDERICO

Dennis! Dennis! Hoy, ano ang ginagawa ninyo r'yan? 'Wag ninyo akong kalimutan. Dennis! Hindi pa ako nailipat sa kama!

*Magdidilim.*

*Iilaw sa kusina.*

*Papasok si Dennis, nakabuntot si Raymond. Kapwa sila nakakarsunsilyo lang.*

DENNIS

Tubig?

RAYMOND

*(hahaplusin ang katawan ni Dennis)*

Napawi ang ibang uhaw ko, pero nauhaw naman ako nang husto.

KAPSYON

**Hubad**

DENNIS

Oh, shoots! Si Papang!

RAYMOND

Ha?

DENNIS

Si Papang! Nakalimutan kong ilipat sa kama.

RAYMOND

Ano?

KAPSYON

**Lagot!**

RAYMOND

Dali, puntahan mo.

DENNIS

Wala akong suot.

*Magdidilim.*

RAYMOND

E, di magbihis ka!

*Iilaw kay Raymond, naninigarilyong nakakarsunsilyo lang sa terasa, may hawak-hawak na cellphone.*

KAPSYON

**Mag-uumaga**

KAPSYON

**Sa terasa**

*Papasok si Dennis na nakapajama.*

RAYMOND

Ano'ng sinabi?

KAPSYON

**Duh!**

DENNIS

Alam mong hindi na nakakapagsalita si Papang.

*(patlang)*

Sino ang katext mo?

RAYMOND

Wala.

DENNIS

E, bakit hawak-hawak mo ang cellphone mo? Mag-uumaga na.

RAYMOND

Wala. Nakasanayan lang. Parang hindi na ako kumpleto kapag hindi ko abot-kamay ang cellphone ko.

DENNIS

Kayo talagang mga techies.

RAYMOND

Mahal na mahal mo ang tatay mo, ano? Nakakainggit kayo. Hindi kami nagkasundo ng yumao kong ama.

DENNIS

'Wag kang mainggit. Hindi rin kami magkasundo ni Papang. Sirkumstansiya lang ang lahat. Nastroke siya at walang mag-aalaga. Ako na lang ang natitira n'yang pamilya rito sa Pilipinas.

KAPSYON

**Pamilya**

RAYMOND

Ang ina at mga kapatid mo nga pala? Nasa States na sila, di ba?

DENNIS

May kani-kaniyang mga pamilya na ang mga ate ko. Nasa Amerika na ang buhay nila. Madalang na nga silang umuwi rito sa Pilipinas, pabaka-bakasyon na lang. Si Mamang, ayon, yaya ng mga apo n'ya.

KAPSYON

**Asawa**

RAYMOND

Wala ba s'yang balak umuwi para alagaan ang tatay mo?

DENNIS

Hindi sila magkakasundo. Matigas ang ulo ni Papang. Ako nga, kung minsan, gusto ko na siyang sakalin.

RAYMOND

Hindi iyon ang nakita ko kagabi. Kapansin-pansin ang pagmamahal mo sa tatay mo. Isa kang dakilang anak.

KAPSYON

**Hinanakit**

DENNIS

Mula pagkabata, hindi ako naging malapit kay Papang. Sukdulan ang galit ko sa kanya. Maramot kasi s'ya. Hindi man lang kami nakaramdam ng kahit limos na pagmamahal.

Pabaya s'yang ama. Kaya hindi ko rin masisi si Mamang at ang mga kapatid ko kung tinakasan nila si Papang. Nagbalak din akong takasan s'ya, kaya ako nag-Nursing.

RAYMOND

Hindi iyan ang una mong sinabi.

DENNIS

Ano ang paniniwalaan mo? Na hindi lang ako makuntento sa buhay dito sa Pilipinas? Hindi naman talaga ako nagsinungaling sa iyo. Totoo na minsang naghaiskul reunion kami, napansin kong mas magara at mas mayaman ang mga kaklase kong hindi naman talagang matalino noon. Nag-Nursing kasi sila. Lumabas ng bansa—nag-Saudi, nag-U.K., nag-U.S., nag-Taiwan, nag-Canada, nag-Australia. Kumita ng dolyar, kumita nang husto.

KAPSYON

**Iskolar ng bayan**

DENNIS

Ako ang valedictorian ng haiskul namin. Naturingang henyo. Eksepsyunal daw ang talino ko ayon sa aking mga guro. Na parang pinatunayan naman ng mga I.Q. at university admission tests. Nakapasa ako sa UPCAT kaya na diskaril ang plano kong mag-Nursing pagkatapos ng haiskul. Sa UP Manila lang may Nursing. Wala akong balak lumayo sa pamilya ko. Kaya nag-A.B. English ako sa UP Iloilo. Wala pa kasing nakapag-UP sa pamilya namin. At sa kasaysayan ng aming bayan, ako rin yata ang unang nakagradweyt sa UP. May mga kababayan din akong nag-aral sa UP bago ako, pero walang nakapagtapos. Para kay Papang, tiniis ko ang hirap sa UP. Proud kasi si

Papang na iskolar ako sa UP. Pero wala man lang siyang naitulong sa aking pag-aaral. Walang suporta. Kahit isang kusing, walang naiambag si Papang sa aking pagkolehiyo. Kahit pa kung talagang tutuusin, nag-UP lang ako dahil sa kanya. Para mapasaya s'ya. Para maipagmalaki n'ya ako.

KAPSYON

**Wala lang**

DENNIS

Pero parang wala lang. Nagtapos akong cum laude, ngunit ni hindi nga s'ya dumalo sa seremonyas ng aking gradwasyon. Bakit? Dahil sa kalasingan! Nangutang s'ya at nagpainom ng barkada n'ya sa besperas ng aking pagtatapos. Ipinagdiwang nila ang aking pagka-cum laude nang wala ako. Tapos, kinaumagahan, hindi s'ya makatayo. Sumakit ang tiyan. Iyon ang kanyang dahilan kaya hindi s'ya nakapunta sa aking gradwasyon. Hindi buo ang family picture namin ng araw na iyon. Hanggang sa natapos ang palatuntunan ng pagtatapos, nakatingin lang ako sa pasukan ng awditoryum, nagbabaka-sakali, umaasang hahabol s'ya. Si President Erap ang commencement speaker noon, paborito n'yang artista. Pero nag-alisan na ang lahat, hindi dumating kahit anino n'ya. Sa sobrang sama ng loob, wala akong maalala sa buong gradwasyon. Ako lang ang cum laude ng taon na iyon na hindi nakapapicture kasama si Erap dahil naroon ako at nagbabantay sa pasukan ng awditoryum.

*Yayakapin ni Raymond si Dennis.*

KAPSYON

**A.B. English**

DENNIS

*(hihiwalay sa pagkakayakap ni Raymond)*

Ano ang gagawin ko sa A.B. English? Nagturo ako. Nagpalipat-lipat ng eskwelahan. Hindi ako naging masaya. Sinubukan ko ring magturo rito sa aming bayan, nagkaroon na kasi ng kolehiyo. Nagustuhan ko, pero hindi iyon ikinatuwa ni Papang. Para raw akong sumuko. Parang talunan. Dapat daw sa s'yudad ako nagtuturo. Gumagawa ng pangalan. Mataas daw ang inaasahan sa akin ng mga tao dahil cum laude ako ng UP.

KAPSYON

**Sagutan**

*Iilaw sa kusina, limang taon ang nakaraan, kung saan nagsisigawan sina Federico at ang Binatilyong Dennis.*

BINATILYONG DENNIS

Ano naman ang nakakahiya kung dito lang ako sa bayan nagtuturo? Bakit hindi ikaw ang magturo sa s'yudad kung iyon ang gusto mo?

FEDERICO

Ikaw lang ang inaalala ko. Ayokong masayang ka.

BINATILYONG DENNIS

Masayang? Anong masayang ang pinagsasabi mo? Paano masasayang ang pagtuturo? Habang may mga bata akong natuturuan, walang masasayang.

FEDERICO

Umiral na naman ang pagiging aktibista mo. Ang pagiging makamasa. Palibhasa'y utak-UP ka.

BINATILYONG DENNIS

Talaga! At ano ang masama sa pagiging makabayan at makatao? Hindi nasasayang ang talino ko dahil lang probinsiyano ang mga estudyante ko!

KAPSYON

**Ipokrito**

BINATILYONG DENNIS

Alam mo, Pang? Ang talagang nakakahiya ay 'yang kaipokrituhan mo. Bakit ka nagtuturo sa bayang ito kung hindi ka naman pala naniniwala sa mga tao rito? At siguro, higit sa lahat, ang tanong, bakit ka nagtuturo? Baluktot ang prinsipyo mo!

FEDERICO

Alam mong hindi iyan totoo. Hindi iyan ang ibig kong sabihin.

BINATILYONG DENNIS

At ano ang totoo? Ano ang gusto mong sabihin? Bakit hindi mo masabi? Ayusin mo ang pagsabi ng gusto mong sabihin!

*Magdidilim.*

KAPSYON

**Alsa-balutan**

*Iilaw kina Dennis at Raymond sa terasa.*

DENNIS

S'yempre, sinagut-sagot ko s'ya. Away na naman kami. Wala raw akong kwentang anak. Pinalayas n'ya ako. Ako naman, hindi na nagdalawang isip, nag-alsa-balutan naman kaagad. Kaya ako bumalik sa lungsod. Pero kalagitnaan ng semestre noon, wala akong makuhang trabaho bilang guro. Napasok ako sa dyaryo. Okey naman. Editor naman kasi ako ng school paper mula haiskul hanggang kolehiyo kaya hindi naman ako masyadong nahirapan sa trabaho. Nang lumaon, pinasundo ako ni Papang. Si Mamang ang pinapunta niya. Pero ayoko nang umuwi. Tinikis ko s'ya ng kung ilang taon. Palihim kaming nagkikita nina Mamang at ng mga kapatid ko sa s'yudad.

KAPSYON

**Cariño brutal**

DENNIS

Pero nunka akong bumalik sa bahay na ito hanggang sa makaalis ang mga kapatid ko papuntang Amerika. Natakot kasi ako para kay Mamang. Palagi kasi silang nag-aaway ni Papang mula pa man ng mga bata pa kami. At talagang nananakit si Papang. Aaminin kong mama's boy ako. Kampi sa ina. Kaya hindi ko talaga mapayagang maiiwang mag-isa si Mamang sa piling ni Papang.

KAPSYON

**Wala lang**

DENNIS

Walang batian, walang kumustahan nang bumalik ako. Wala lang. Wala kaming salitaan. Halos nga magkatinginan. Hindi ko alam kung iniwasan n'ya rin ako. Pero ako

talaga, hangga't maaari, iniwasan ko s'ya. Kasi, kapag nagkasalubong ang aming nga daan, siguradong nagkakagulo. Parehong maikli ang pasensya namin sa isa't isa. E, noon, hindi ko na s'ya uurungan. Minsan, nagsuntukan kami. Rambol talaga, parang wrestling. Natumba ko siya at nadaganan. Nakatihaya s'ya sa sahig. Nakaupo ako sa tiyan n'ya. Pinagsusuntok ko s'ya. Kinailangan pa ni Mamang na tumawag ng mga kapitbahay para lang mapaghiwalay kami.

*Iilaw sa silid-kainan, limang taon ang nakaraan, walang plurera ng bulaklak sa mesa, kung saan nag-aaway sina Federico at ang Binatilyong Dennis.*

FEDERICO

*(susugurin ang Binatilyong Dennis)*

Gago ka pala, e. Nangangatuwiran ka na ngayon? Sasagut-sagot ka na, ha?

BINATILYONG DENNIS

*(lalabanan si Federico)*

Gago ka rin. Mas gago ka pa nga. Kung akala mo'y hindi kita lalabanan, nakakamali ka!

*Magsusuntukan sila.*

*Matutumba sa sahig si Federico. Dadaganan siya ng Binatilyong Dennis.*

*Magpapagulung-gulong sila.*

*Mananaig ang Binatilyong Dennis. Mananatiling nakatihaya si Federico, nakasakay sa kanya ang Binatilyong Dennis.*

FEDERICO

Tama na! Tama na! Parang awa mo na!

*Magkukunwang susuntok pa ang Binatilyong Dennis pero sa sahig niya ibabagsak ang kuyom na kamao. Iiwanan niya si Federico, gagapang, at uupo sa isang sulok.*

*Babangon si Federico, uupo na hinihingal, umiiyak.*

*Magtitinginan lang sila.*

KAPSYON

**Galit**

KAPSYON

**Pagkamuhi**

*Matagal silang magtitinginan lang. Puno ng galit at pagkamuhi sa isa't isa.*

*Magdidilim.*

KAPSYON

**Layas**

*Mag-iilaw kina Dennis at Raymond sa terasa.*

DENNIS

Sinabihan uli ako ni Papang, Layas! Lumayas daw ako. Sinagot ko s'ya, Hindi. Hindi ako lalayas. Kung gusto n'ya s'ya ang lumayas. Dahil wala s'yang kwentang ama! Mula noon, demonyo na ang tingin namin sa isa't isa. Natuto kaming mabuhay sa iisang bubong nang hindi nag-iimikan. Walang pakialaman. Hanggang sa sumunod na nga si Mamang sa mga kapatid ko sa Amerika, at kaming dalawa na lang ni Papang ang naiwan sa bahay na ito.

KAPSYON

### Biro ng tadhana

DENNIS

Kuntento na ako sa buhay ko sa dyaryo. Sapat na sa akin ang sinasahod ko bilang ikalawang patnugot. Natutuwa naman ako sa popularidad ng aking lingguhang kolum. Nahahasa ang aking pagsusulat. At higit sa lahat, nakakasulat ako sa Hiligaynon. Nananalo pa nga ako ng Palanca Awards; may mga kategoriya kasi sila sa katutubong wika. Noong nasa UP kasi ako, hinamon kaming magpalago at magpalaganap ng literaturang Hiligaynon. Iyon ang naging krusada ko. Parang biro ng tadhana, A.B. English ang natapos ko, ngunit heto ako't nakikipaglaban para sa wikang Hiligaynon. Pero iyon kasi ang kinagisnang wika ko. At doon ako higit na magaling.

KAPSYON

### Nursing

DENNIS

Pero kahit na kasiya-siya na para sa akin ang simpleng buhay sa Iloilo, nakumbinse rin ako ng mga kapatid ko na mag-aral ng Nursing. Mukha nga namang maganda ang buhay sa Amerika. Nakangiti silang palagi sa mga litrato. Ewan. At siguro, naroon pa rin sa likod ng aking isip na kailangan ko ring takasan si Papang. Halos wala na naman talaga kaming ugnayan. Wala kaming pakialaman. Sumakit man ang tiyan n'ya, wala s'yang sinasabi sa akin. Pero nakakabwisit din 'yon. Iyong magkasambahay na hindi nagkikibuan? Kaya naisip ko, magna-Nursing ako at lalayasan ko s'ya.

KAPSYON

### Umaga

RAYMOND

Subalit hindi na iyon nangyari dahil nastroke ang tatay mo.

DENNIS

Tingnan mo, ang ganda ng bukang-liwayway. Bagong araw na naman. Bagong buhay. Bagong pag-asa.

RAYMOND

Mabuting anak ka, Dennis. Kay buting mong tao.

KAPSYON

### Hindi

DENNIS

Hindi mo lang alam. Noon, ipinagdasal ko ring magkasakit si Papang. Pinantasya kong maging mahina siya at sakitin, at ako lang ang makatutulong sa kanya. Hindi siya

makakakain kung hindi ko susubuan. Uuhawin ko siya, gugutumin. Gaganti ako sa lahat ng pagkukulang niya sa aming magkakapatid. Unti-unti ko siyang papatayin. Lalasunin ko siya ng masasarap na pagkain. Litson, alimango, 'yon ang mga paborito n'ya. P'wes, ibibigay ko ang lahat ng iyon at kung anu-ano pang mataas ang cholesterol. Tingnan ko lang kung hindi siya maistroke.

KAPSYON

**Naistroke nga siya**

RAYMOND

Kaya ganoon ang debosyon mo sa kanya? May guity conscience ka? Naniniwala kang ikaw ang dahilan ng pagkaistroke n'ya?

KAPSYON

**S'yempre**

KAPSYON

**Hindi**

DENNIS

Paano kung pinakinggan ng Diyos ang mga panalangin ko?

RAYMOND

Hindi ganoon ang Diyos.

DENNIS

Di ba sabi nila, God answers all prayers in His time? Paano kung ito na ang "in His time" para sa mga dasal ko noong bata pa ako?

RAYMOND

Maniwala ka sa akin. Hindi ganoon ang Diyos.

KAPSYON

**Sigurado ka?**

KAPSYON

**Paano mo natiyak?**

DENNIS

Tayo na sa loob. Nilalamig ako.

RAYMOND

Sige, susunod ako.

DENNIS

Magbihis ka na rin. Maaga tayong mag-aalmusal.

*Papasok sa bahay si Dennis.*

*Maiiwan si Raymond sa terasa na tatawag sa kanyang cellphone.*

RAYMOND

*(kakausapin ang nasa cellphone)*

Jessica… Good morning… Pasensiya ka na, wala akong signal. Nandito ako kina Dennis. Dito ako magwi-weekend… Sigurado na ba 'yan? Buntis ka nga? … Of course. S'yempre masaya ako… Huwag mo na munang isipin 'yon… Ano naman ang sabi ni Ricky?... No! 'Wag kang aalis ng bahay hangga't hindi ako bumabalik. I'll be there tomorrow night. Promise. I'll see you!... I love you, too… Bye!

*Ngingiti si Raymond.*

*Magdidilim.*

*Maririnig ang "Gia il sole!"(It is morning now!), o ang "Coro a bocca chiusa" (Humming Chorus) mula sa* **Madama Butterfly**, *habang dahan-dahang iilaw sa silid-kainan kung saan ipinupwesto ni Dennis sa mesa ang nakawheelchair na si Federico. Naroon pa rin sa gitna ng mesa ang mga gladioli.*

KAPSYON

**Gladiolas**

*Papasok si Raymond, nakabihis na.*

RAYMOND

Good morning.

*(tatango kay Federico)*

Magandang umaga po.

DENNIS

Kape?

RAYMOND

Salamat. Walang gatas.

*Pagsisilbihan ni Dennis ng kape si Raymond.*

RAYMOND

Ano ba ang programa natin sa araw na ito?

DENNIS

Piknik tayo sa aplaya. Mataas ang tubig ngayon, baka gusto mong lumangoy.

RAYMOND

Sounds good. S'yangapala, nagtext si Jessica.

KAPSYON

**Oh, shit!**

KAPSYON

**Sino si Jessica, Anak?**

DENNIS

Ano'ng sinabi?

RAYMOND

Buntis daw s'ya.

*Biglang mapuputol ang musika na parang mula sa plaka na inabutan ng brownout, nalagutan ng kuryente.*

DENNIS

Ano'ng sabi ni Jessica?

RAYMOND

Buntis daw s'ya.

DENNIS

Ano?!

KAPSYON

**Fucking shit!**

DENNIS

Kelan pa?

RAYMOND

Ewan, hindi ko alam.

DENNIS

*(umpisang tataas ang boses)*

Kelan pa s'ya nagtext?

RAYMOND

Kagabi.

DENNIS

*(may galit)*

Kagabi! Fuck shit! Yudiputa! Kagabi pa pala at hindi mo man lang sinabi sa akin?

RAYMOND

Sinubukan ko. Pero lubha tayong masaya kagabi para iyon ang pag-usapan.

DENNIS

*(nagwawala na)*

Tama! Lubha tayong masaya kagabi! Kaya ngayon mo sisirain ang araw ko!

*(magtatapon ng pinggan)*

Pagkatapos ng lahat! Yudiputa talaga!

KAPSYON

**'Wag ang mga pinggan!**

RAYMOND

Bakit ka galit?

DENNIS

Bakit hindi? Pinaasa mo ako. Akala ko ba, para sa atin ang dalawang araw na ito?

RAYMOND

Huminahon ka nga.

DENNIS

*(lalong magwawala)*

Huminahon? Paano ako hihinahon? Nagdala ka pa ng mga gladiolas.

*(itatapon ang gladioli paisa-isa, sa lahat ng direksyon)*

Yudiputa ka talaga.

*(iiyak)*

Pa-sword lily-sword lily ka pa, itatarak mo lang naman pala ang espada sa aking puso.

Pinaasa mo lang ako. Hayop ka!

*(susugurin si Raymond, pagsusuntukin)*

Lumayas ka na! Yudiputa ka!

RAYMOND

Dennis, hayaan mo akong makapaliwanag.

DENNIS

*(lalong magwawala)*

Anong paliwanag pa ang maari mong ibigay? Anong kasinungalingan? Naniwala ako sa iyong mahal mo nga ako. Handa na kitang iharap sa aking ama, sa aking pamilya. Akala ko ikaw na ang lalaking pinaglaanan ko ng lahat-lahat.

*(malulugmok sa isang sulok)*

Pero pinaasa mo lang ako. Pinaasa mo lang ako!

RAYMOND

*(lalapitan si Dennis)*

Totoong mahal kita.

DENNIS

Yudiputa! Kung mahal mo ako, bakit sa iyo pa rin nakatira si Jessica? Bakit hindi mo siya maiwan-iwan? Bakit siya nabuntis? Akala ko ba, hiwalay na kayo? Akala ko ba, hindi na kayo nagtatalik? Paano mo sasabihing ako ang mahal mo kung gayong nabuntis mo siya? Naiintindihan ko naman kung silahis at bisexual ka talaga. Pero sana, tapat ka sa iyong kasalukuyang kasama. Iba ang bisexual sa two-timing! Kung si Jessica, si Jessica lang. Kung ako, ako lang.

RAYMOND

E, ikaw lang naman talaga.

KAPSYON

**Lokohin mo ang lelang mo!**

DENNIS

Paano siya mabubuntis kung naging tapat ka sa akin? Kung hindi mo siya kinangkang?

RAYMOND

Si Ricky.

DENNIS

Sinong Ricky?

RAYMOND

Ang bagong boyfriend ni Jessica.

KAPSYON

**Ginagawa mo akong tanga?**

RAYMOND

Maniwala ka sa akin. Hiwalay na kami ni Jessica. Nakikitira lang siya sa akin hanggang sa maayos ang lahat bago siya bumalik sa Cebu. Hindi ko siya maaring itaboy, kahati siya sa lahat ng naipundar namin. Pitong taon din kaming kasal. Ayoko maghihiwalay kaming nag-aaway. Gusto kong maayos ang lahat. Gusto kong maghihiwalay kaming magkaibigan pa rin.

DENNIS

*(mahihimasmasan)*

Hindi ikaw ang ama?

RAYMOND

*(iiling)*

Hindi ako ang ama. Katulad ng gladiolas, bisexual na ako kung bisexual. Silahis kung silahis. Ngunit katulad din ng gladiolas, baog ako. Hindi pwedeng tumubo ang mga buto ko.

KAPSYON

**ó**

**o**

**ò**

KAPSYON

**butó**

**o**

**butò**

DENNIS

Wala kang butó; ang meron ka, semilya. Ang meron ka malaking butò.

RAYMOND

Butò?

KAPSYON

**Penis!**

DENNIS

Salitang Hiligyanon para sa ari ng lalaki.

RAYMOND

Butò?

*(parang bata sa natuklasang salita)*

Butò, butò, butò, butò, butò.

KAPSYON

**Bastos!**

DENNIS

Hoy, ano ba?

RAYMOND

Masarap sabihin. Masarap bigkasin. Parang nagkakaroon ng sigla at buhay sa bunganga.

KAPSYON

**Bastos nga!**

RAYMOND

I mean, parang nagkakaroon ng sigla at buhay ang salita sa bunganga.

KAPSYON

**Echos**

DENNIS

Mahal mo ba talaga ko?

RAYMOND

Mahal na mahal. Labis na mahal na handa akong hatiin ang lahat ng aking ari-arian para lang maayos na makapaghiwalay kay Jessica, at malayang makabuo ng pamilya

na kasama ka. Dinig kita, Dennis. Nais mong lumagay sa tahimik. Iyon din ang gusto ko. At ikaw ang gusto kong makasama dahil mahal kita!

DENNIS

*(kay Federico)*

Papang, narinig mo? May nagmamahal sa akin!

RAYMOND

*(kay Federico)*

Hindi ko po pababayaan ang inyong anak. Mahal ko po siya. Pangako kong mamahalin ko siya ng buong lakas at buong buhay ko.

DENNIS

Nakita n'yo na, Papang? Hindi lahat ng bakla ay isinumpa sa kabiguan. Walang kinikilalang kasarian ang tunay na pagmamahalan.

RAYMOND

'Wag po kayong mag-alala. Hindi po kayo mawawalan ng anak. Bagkus, madadagdagan pa. Gusto ko rin po kayong maging tatay.

KAPSYON

**Kapal ng mukha nito!**

RAYMOND

Aalagaan ko rin po kayo. Magiging katuwang ako ni Dennis sa pag-aalaga sa inyo.

KAPSYON

**Talaga lang, ha?**

RAYMOND

Naiiba lang po ang sekswalidad namin ng anak ninyo, pero desente po kaming mga tao. Marunong po kaming magmahal, magpahalaga, at bumuo ng sarili naming pamilya. Sana po, bigyan ninyo ng basbas ang pagsasama namin ng inyong anak. Mahal na mahal ko po siya.

KAPSYON

**Sige na nga**

DENNIS

At mahal na mahal ko rin po si Raymond, Papang.

KAPSYON

**E, kung saan ka masaya**

KAPSYON

**E, kung saan ka masaya,**

**suportahan ta ka.**

*Unti-unting magdidilim.*

*Ispatlayt kay Federico na dahan-dahang gagalaw para abutin ang pinakamalapit na tangkay ng itinapon na gladiolus.*

*Magpi-pinlight ang ilaw sa gladiolus bago tuluyang magdidilim.*

TABING.